


# Sining

## Ikatlong Markahan – Modyul 8: Mga Katutubong Disenyo: Paglilimbag sa Pamayanang Kultural



## Sining – Grade 4

### Alternative Delivery Mode

### Quarter 3 – Module 8: Mga Katutubong Disenyo: Paglilimbag sa Pamayanang Kultural Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

#### Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

**Manunulat:** Francis C. Agapito

**Editor:** Francis Durante

**Tagasuri:** Cynthia T. Montanez

**Tagaguhit:** Emma S. Malapo

**Tagalapat:** Francis C. Agapito, Salvador B. Belen Jr.

**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad

CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.

Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas

Regional ADM Coordinator: Ma. Leilane R. Lorico

CID Chief: Jerson V. Toralde

Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

Division ADM Coordinator: Randy Bona

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

#### Department of Education – Region V

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500

Telefax: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# **Sining**

## **Ikatlong Markahan – Module 8: Mga Katutubong Disenyo: Paglilimbag sa Pamayanang Kultural**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Isang maganda at makabuluhang araw sa iyo kaibigan!

Sa paglikha ng sining, kailangan na isaalang-alang ang mga kasangkapang gagamitin. Magiging makabuluhan ang iyong likha kung ang kasangkapang gagamitin ay matatagpuan lamang sa iyong kapaligiran. Ang mga bagay sa kapaligiran ay maaring gamitin sa masining na gawain tulad ng paglilimbag. Ang paglilimbag ay isang paraan upang maipahayag ang likhang pagkamalikhain

Ang modyul na ito ay naglalaman at tumatalakay sa paglimbag ng *Relief Prints* gamit ang mga bagay na matatagpuan sa sariling lugar at pagtatanghal ng mga obra (exhibit) sa Hantungang Gawain (culminating activity).

Matapos mong pag-aralan at gawin ang iba't-ibang pagsasanay sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang magtatamo ng kasanayang ito:


1. Nakapaglilimbag ng *relief prints* gamit ang mga bagay na matatagpuan sa sariling lugar, at
2. Natutukoy ang iba't-ibang maliliit at malalaking hugis.
3. Nakakalahok sa pampaaralang eksibisyon ng likhang sining.



## **Subukin**

### **GAWIN AT KAKAYANIN!**

Gamit ang iyong dating *relief mold* at mga kagamitang naitala sa mga nakaraang gawain lumikha ng disenyo sa isang 1/8 na *cardboard*.




Kung nasiyahan ka sa iyong ginawa, gumuhit ng masayang mukha (☺) sa kanang ibaba ng iyong gawain. Kung hindi ka naman nasiyahan, gumuhit ng malungkot na mukha (☹) sa kanang ibaba ng iyong gawain.



## Balikan


**Panuto:** Pagmasdang mabuti ang mga disenyo. Tukuyin ang paraan ng pagkakagamit ng mga hugis sa pagbuo ng disenyo (Pansulok, Panggitna, Pangkalahatan o Panggilid). Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

1.




\_\_\_\_\_

2.



\_\_\_\_\_


3.



\_\_\_\_\_

**Source:** Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral, pahina 227

4.



\_\_\_\_\_

**Source:** Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral, pahina 227

5.




\_\_\_\_\_

**Source:** [https://png.pngtree.com/element\\_our/20190531/ourmid/pngtree-spring-green-four-leaf-clover-border-image\\_1311640.jpg](https://png.pngtree.com/element_our/20190531/ourmid/pngtree-spring-green-four-leaf-clover-border-image_1311640.jpg)



## **Tuklasin**

Tingnang mabuti ang larawan na ilan lamang sa mga disenyong-etniko na likas sa Mountain Province.



**Source:** <https://phstatic.zdn.net/files/d34/3f6354dc4ac884e5483fead3b0907cfb.jpg>

Ang kanilang mga disenyo ay hango sa sa kalikasan o sa kanilang kapaligiran. Makikita ang mga disenyo sa kanilang mga kasuotan at kagamitan tulad ng araw, kidlat, dahon, tao, bunbok at mga hayop tulad ng isda, ahas, butiki, puno at aso.

### **Tanong:**

1. Ano-anong bagay ang nakikita mo sa larawan?
2. Ano-ano pa ang halimbawa ng mga disenyong etniko?





## *Suriin*




Ang paglilimbag ay isa sa mga gawaing pansining na magagawa sa pamamagitan ng pag-iwan ng bakas ng isang kinulayang bagay. Ito'y maaaring isagawa sa pamamagitan ng iba't ibang bagay na matatagpuan natin sa ating paligid at pamayanan.



Sa pamamagitan ng kulay, mapagyayaman ang ganda ng mga gawaing sining. Sa kulay, maipakikita rin nang lubusan ang damdamin at imahinasyon ng likhang-sining kung paano nagbabago ang isang kulay mula sa maliwanag-padilim, o madilim-paliwanag. Ang kapusyawan ay maliwanag na kulay at ang kadiliman ay tinatawag na madilim na kulay.

**Source:** Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro p. 289




## Pagyamanin

### Gawain 1:

#### Notebook Relief Printing

**Kagamitan:** *acrylic paint, brush, notebook* at mga nakolektang bagay

1. Gumawa ng *relief prints* gamit ang mga nakolektang bagay.
2. Gamitin ang *brush* sa palalagay ng *acrylic paint* sa mga nakolektang bagay.
3. Ilimbag ito sa ibabaw lamang na bahagi ng isang puting *notebook*.
4. Maaaring gumamit ng iba't-ibang kulay sa paglimbag.



Kung nasiyahan ka sa iyong ginawa, gumuhit ng masayang mukha (☺) sa kanang ibaba ng iyong gawain, kung hindi ka naman nasiyahan sa iyong ginawa, lagyan mo ng malungkot na mukha (☹).

## **Gawain 2:**

### **Paggawa ng *Relief Mold***

**Kagamitan:** *cardboard, bond paper, wood, glue, scissors, acrylic paint*, at lumang dyaryo

#### **Mga Hakbang sa Paggawa:**

1. Linisin ang mesang paggagawaan at lagyan ng lumang dyaryo ang ibabaw ng lamesa.
2. Kunin ang dalang karton.
3. Mag-isip ng isang sariling disenyo at iginuhit ito sa karton.
4. Kunin ang gunting at gupitin ang disenyong iginuhit sa karton.
5. Ayusin ang disenyo sa ibabaw ng isang karton at idikit ito.
6. Kulayan ito ng pintura gamit ang *brush*.
7. Kumuha ng papel at ilagay ito sa ibabaw ng disenyo.
8. Ihagod nang dahan-dahan ang kutsara sa ibabaw ng papel hanggang sa mailipat ang disenyo sa papel.
9. Patuyuin ang natapos na gawain at ipaskil sa paskilan upang maihambing sa mga natapos na gawaing sining ng mga kaklase.

**Source:** Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p. 230-231



## Isaisip

<b>Kasanayan</b>	Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan (3))	Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang (2)	Nakasunod sa pamantayan ngunit may kaunting pagkukulang (1)
1. Nakalikha ako ng disenyong gamit ang <i>relief mold</i> .			
1. Nagamit ko ang kulay ayon sa katangian nito.			
2. Nakagawa ako nang mag-isa			
3. Naipakita ko ang pagiging maingat sa kagamitan			
4. Nakatapos ako ng gawain sa inilaang oras			

### Tanong:

1. Paano naging mayaman ang kulay ng nabuong gawaing sining?
2. Bakit kailangang ipaskil ang natapos na gawain?
3. Paano mo maipakikita ang pagmamalaki bilang isang Pilipino kung ang pag-uusapan ay mga likhang sining?



## ***Isagawa***

### **Pagtatanghal sa mga Obra (Exhibit) o Hantungang Gawain (Culminating Activity)**

#### **Hakbang sa Paggawa**

1. Ang klase ay magkakaroon ng apat na pangkat.
2. Itanghal o isalansan nang maaayos ang inyong mga likhang-sining sa itinalagang lugar para sa inyong eksibisyon.
3. Bantayan ang inyong eksibit.
4. Magiliw na sagutin o ipaliwanag at ikuwento ang mga ito sa mga panauhin sa eksibit.
5. Pagkatapos ng oras na itinalaga para sa eksibisyon, ayusin o ibalik sa dating kinalalagyan ang inyong mga likhang sining.

Sa pagsasagawa ng isang eksibit, kailangang ayusin ang lahat ng bagay na nais ipakita o itanghal nang maayos sa lugar na itinalaga. Ang pagpapangkat-pangkat ng mga likhang-sining ay naaayon sa layunin ng eksibit. Maaaring ang pag-aayos ng mga likhang-sining ay batay sa panahon ng pagkakagawa, ayon sa pangkat, ayon sa paksa, o ayon sa *medium* na ginamit.

Kung sakaling may mga pagpapaliwanag na dapat ibigay sa panauhin, nararapat na maipaliwanag ito nang maayos at magiliw.

Ang eksibit ay isang paraan upang maipakita ang kakayahan at natatanging gawa ng mga manlilikha o *artists*.

**Source:** Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral p. 233-234

Patnubay ng Guro p. 292



## Tayahin

**Panuto:** Gamitin ang *rubrics* sa ibaba upang masuri ang ipinakita mong kakayahan sa eksibit. Kulayan ng paborito mong kulay ang kahon na katumbas ng antas na naabot mo sa bawat kakayahan.

<b>Kasanayan</b>	<b>****</b>	<b>***</b>	<b>**</b>	<b>*</b>
1. Naipakita ko ang kasiyahan sa pagpapakita ng sariling likhang sining.				
2. Maayos kong naitanghal ang sariling likhang sining.				
3. Naipakita ko ang suporta sa ibang miyembro ng pangkat.				
4. Malinaw at angkop kong nagawa ang pagpapaliwanag, pagsalaysay o pagsagot sa anumang tanong ng mga panauhin ukol sa sariling likhang-sining.				
5. Ginawa kong malinis at kaaya-aya ang sariling lugar na ginanapan ng eksibit.				

**Source:** Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro p. 293

Magaling! Binabati kita. Natapos mong maisagawa ang gawain. Nagustuhan mo ba ang iyong ginawa?



## ***Susi sa Pagwawasto***

- Balikan**
1. Pansulok
  2. Panggilid
  3. Panggitna
  4. Pangkalahatan
  5. Panggilid

## ***Sanggunian***

Cynthia Montañez, Ma. Teresa Caringal; Adolfo Amit; Benjamin Castro; Emily Maninang; Joan D. Sandoval; Chita E. Mendoza, at Victorina E. Mariano, Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral.

Cynthia Montañez, Ma. Teresa Caringal; Adolfo Amit; Benjamin Castro; Emily Maninang; Joan D. Sandoval; Chita E. Mendoza, at Victorina E. Mariano, Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro.



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)